

Umiiral at planadong mga hakbang sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng lahi

Kawanihan ng mga Usapin sa Konstitusyon at Mainland

Ang gampanin ng Kawanihan ng mga Usapin sa Konstitusyon at Mainland (CMAB) sa pangkalahatan ay maaaring hatiin sa tatlong dakong ito, (a) pakikipag-ugnayan at pagtataguyod ng ugnayan sa Mainland; (b) pag-aasikaso sa mga bagay na may kinalaman sa saligang batas at halalan kasama ng Electoral Affairs Commission upang matiyak sa publiko na ang mga halalan ay isinasagawa sa patas, at malayang paraan; at (c) pagtataguyod sa pag-aalis sa diskriminasyon, sa pantay na mga oportunidad at proteksyon ng pagka-pribado.

Sa pagbibigay namin ng mga serbisyo, pinahahalagahan namin nang husto ang pagtitiyak ng pantay na pagkakataon sa serbisyong may kinalaman sa lahat ng miyembro ng publiko, anumang lahi ang pinagmulan. Ang mga hakbang na isinasagawa upang alisin ang diskriminasyon sa lahi at pagtataguyod ng pantay na oportunidad para sa mga tao na may pagkakaiba-iba ng lahi ay binabanggit sa ibaba.

- Mga Serbisyong Pinag-uusapan
- Hangad ng pamahalaan na ibigay sa mga tao na magkakaiba ang lahi ang pantay na mga oportunidad at mapadali ang kanilang pakikibahagi sa pamayanan sa pamamagitan ng pagpapataas ng uri sa paggawa ng makabuluhang batas at mga serbisyong pantulong. Sa bahagi ng paggawa ng batas, ang Race Discrimination Ordinance (Cap. 602) (RDO ay ganap na ipinatutupad simula pa noong 2009, at ang Equal Opportunities Commission (EOC) ay binigyan ng gampaning ipatupad ang Ordinansa.
 - Sa bahagi ng pangangasiwa, ipinalaganap na ng CMAB ang binagong Administrative Guidelines on Promotion of Racial Equality (“ang Mga Alituntunin”) para ipatupad sa lahat ng ahensya at departamento ng

Gobyerno gayundin sa mga kaugnay na organisasyon (sa pangkalahatan ay tinatawag na “pampublikong awtoridad” simula sa Abril 2020. Nilalayon ng mga alituntunin na dagdagan ang kamalayan ng mga pampublikong awtoridad para sa pagkakaiba-iba ng lahi at pagtanggap, gayundin ang pagsasaalang-alang sa pagkakapantay-pantay sa pagbabalangkas, pagpapatupad at pagsusuri ng makabuluhang mga patakaran at hakbang, at mapabilis ang mga ito upang makatugon sa mga layunin ng patakaran. Nagbibigay din ng paggabay ang mga alituntunin sa mga pampublikong awtoridad upang matiyak na matatamasa ng mga tao sa Hong Kong, anuman ang kanilang lahi, ang pantay na karapatan sa mga serbisyo publiko.

- Sa ilalim ng mga alituntunin, naglatag ang pampublikong awtoridad ng mga checklist at mga hakbang upang maipaunawa sa mga tao na magkakaiba ang lahi ang pagkakaroon ng nakahandang mga hakbang at pagsasaayos na magpapabilis sa kanilang pantay na pagkakamit sa kaukulang mga serbisyo publiko.
- Sinusuportahan ng CMAB ang gawain ng Equal Opportunities Commission (EOC) sa pagpapahusay ng pagkakapantay-pantay sa lahi. Noong Pebrero 2024, ang CMAB ay naglaan ng karagdagang probisyon na \$ 5 milyon sa EOC upang tulungan ang pagtataguyod nito ng pantay na mga pagkakataon para sa mga etnikong minorya sa loob ng tatlong taon mula 2024 hanggang 2027. Ang mga

pinondohanng item ay kinabibilangan ng Racial Diversity & Inclusion Charter para sa mga Employer, Racially Friendly Campus Recognition Scheme, pagdiriwang ngika-15 na Anibersaryo ng Pagpapatupad ng RDO, at iba pang mga pang-publisidad na kampanya, atbp.

- Nagkabisa mula a-1 ng Hulyo 2022, naglaan ng suportang pangkalihim ang CMAB sa Steering Committee on Ethnic Minority Affairs kung saan, sa ilalim ng pamumuno ng Chief Secretary for Administration, na inatasang tulungan ang ibat ibang mga ahensya at departamento sa mga pagsisikap para makatulong sa mga etnikong minoridad.

Umiiral na mga Hakbang Paglalathala sa 8 iba pang mga wika

- Ang mga pangunahing pahayagan na makabuluhan sa mga tao na magkakaiba ang lahi, kagaya ng Alituntunin, isang kalipunan ng checklist ng mga hakbang na inilatag ng lahat ng pampublikong awtoridad, at taunang mga estadistika sa mga serbisyo ng interpretasyon at pagliliwat na isinaayos ng CMAB, ay makikita sa website ng CMAB, at mababasa sa Chinese, Ingles at sa 8 iba pang mga wika¹.
- I-co-ordinate ang representasyon, sa 8

¹ Ang mga link sa mga Alituntunin, , kalipunan ng mga checklist ng mga hakbang at taunang estadistika sa mga serbisyo ng interpretasyon at pagliliwat ay ayon sa pagkakasunud-sunod:

https://www.cmab.gov.hk/en/issues/equal_admin_guideline.htm

https://www.cmab.gov.hk/en/issues/equal_agpre.htm

https://www.cmab.gov.hk/en/other_information/racial_equality.htm

Ang mga dokumento sa itaas ay available sa Tsino, Ingles at 8 iba pang wika viz., Bahasa Indonesia, Hindi, Nepali, Punjabi, Tagalog, Thai at Urdu, at Vietnamese.

na iba pang mga wika, ng mga patakaran sa at mga serbisyo para sa mga etnikong minorya sa pamamagitan ng ahensya ng pamahalaan at mga kagawaran sa kanilang mga webpage. Ang naturang representasyon para sa webpage ng CMAB ay inilunsad.

- Binibigyang halaga namin ang mga pananaw ng mga tao na magkakaiba ang lahi sa proseso ng konsultasyon sa magkakaibang mga ulat sa karapatang pantao. Ang mga dokumento sa konsultasyon gayundin ang makabuluhang mga balita sa pahayagan ay inililiwat sa ibang wika na karaniwang gamit ng mga tao sa Hong Kong na nakapagsasalita lang ng limitadong Chinese at Ingles. Patuloy naming isasaayos ang angkop na pagliliwat ng makabuluhang dokumento.

Serbisyo sa wika

- Ang mga miyembro ng publiko, maging anuman ang kanilang lahing pinagmulan, ay makahihingi ng impormasyon at makapagtatanong sa gampanin ng CMAB sa pamamagitan ng email, fax, post at telepono. Isasaayos ng CMAB ang angkop na serbisyo sa interpretasyon / pagliliwat para sa gumagamit ng serbisyo kung kakailanganin.
- Ang manu-mano at pagbibigay gabay sa pagbibigay ng serbisyo ng wika sa mga gumagamit ng serbisyo ay iniaatang sa mga empleyado, lalo na ang mga empleyado sa frontline upang matiyak na may kamalayan sila sa patakaran sa serbisyo ng wika para sa pagtataguyod

ng pagkakapantay-pantay ng lahi at pamilyar sila sa iminumungkahing proseso sa pagsasagawa.

- Ang mga kard ng pagkakakilanlan ng wika at ang impormasyon ukol sa hotlines ng serbisyo para sa interpretasyon sa telepono na pinangangasiwaan ng CHEER Centre ay magagamit sa reception desk upang pabilisin ang komunikasyon sa pagitan ng aming empleyado at sa mga gumagamit ng serbisyo na nangangailangan ng tulong.
- Bilang karagdagan sa pagkolekta ng mga datos, itatala ng mga empleyado sa frontline ang kanilang karanasan at mga obserbasyon sa pagbibigay ng serbisyo sa wika. Isang proforma ang binalangkas para sa layuning ito upang pabilisin ang mga pagsusuri sa hinaharap at pagpapaunlad sa serbisyo.

Pakikilahok sa Internship Programme para sa mga estudyante na hindi etnikong Tsino

- Nag-alok ang CMAB ng pagsasaayos sa ilalim ng Internship Programme upang tulungan ang mga estudyante na hindi etnikong Tsino na magkaroon ng karanasan sa pagtatrabaho at mapaunlad ang kanilang pagigingangat sa iba para sa pagtatrabaho. Kaalinsabay nito, magbibigay-daan ang Programme sa mga empleyado ng CMAB na pahalagahan ang pagkakaiba-iba ng lahi at mga pagkakaiba sa kultura sa pinagtatrabauhan.

Pagtataya sa Hinaharap Ang CMAB ay nagsasagawa ng regular na
na Gampanin pagsusuri sa pagbibigay nito ng mga

serbisyo sa mga taong magkakaibang lahi. Gumagawa din kami ng sanggunian para sa mga tugon / mga suhestiyon mula sa aming mga kawani at mga gumagamit ng serbisyo pati na rin ang kaugnay na data at impormasyon para sa patuloy na pagsusuri at pagpapahusay ng serbisyo.

Karagdagang Hakbang na Isasaayos ng CMAB ang mga empleyado, Isinagawa/Isasagawa lalo na ang mga empleyado sa frontline at mga baguhang empleyado, na daluhan ang makabuluhang mga pagsasanay at maranasan ang sesyon ng pagbabahagi upang mapaunlad ang kanilang kamalayan at pagiging sensitibo sa pagkakapantay-pantay ng lahi.

Para sa mga katanungan na may kinalaman sa umiiral at planadong mga hakbang sa pagtataguyod ng pagkakapanntay-pantay ng lahi, mangyaring makipag-ugnayan kay Charlotte WONG, EO(Adm)3 sa pamamagitan ng mga sumusunod na channel -

Telepono Bilang	: 2810 2127
Fax no.	: 2179 5284
Email	: cmabenq@cmab.gov.hk
Postal Address	: 13/F, East Wing, Central Government Offices, 2 Tim Mei Avenue, Tamar, Hong Kong

**Kawanihan ng mga Usapin sa Konstitusyon at Mainland
Hunyo 2025**